

## **ANO ANG MGA SAKIT NG PANANIM NA SAKOP NG PASEGURO O INSURANCE?**

### SA PALAY

- Tungro
- Rice Blast/  
Neck Rot
- Grassy Stunt
- Bacterial Leaf  
Bright
- Sheath Blight

### SA MAIS

- Stalk Rot
- Sheath Blight

## **ANO ANG MGA PINSALA O SALOT NA HINDI PINAHIHINTULUTAN NG BRO-PSP?**

- Pagkasunog ng pananim sa anumang kadahilanan —  
Mga panukala ng gobyerno na hindi magbubunga ng  
mabuti sa mga nakadadami
- Pinsalang sanhi ng kapabayaang.
- Malakas na hangin at malakas na ulan na hindi dulot ng  
bagyo.
- Anumang iba pang dahilan na hindi saklaw ng  
programa ay di pahihintulutan na makasali.

## **KAILAN ANG BISA NG CROP INSURANCE**

Ang bisa ng siguro ay simula sa panahong ng tuwirang pagtatanim o araw ng paglilipat tanim hanggang sa anihan o kaya ay sa araw ng pagka-apruba at paglabas ng crop insurance coverage (CIC).

## **ANO ANG MGA DAPAT GAWIN KUNG NAGKARON NG PINSALA SA PANANIM?**

- Agad na ipaalam ang nangyaring pinsala sa pananim sa Opisina ng Municipal Agriculturist sa inyong dako o lugar.

- Sa tulong ng mga kawani sa Opisina ng Municipal Agriculturist ay mag fill-up ng form para ipabatid sa PCIC ang pinsala.
- Hintayin ang magiging pagtaya ng PCIC sa halaga ng pinsala.

## **PAGBABAYAD NG PINSALA**

Ito ay babayaran ng PCIC REGION 02 sa PGI na siyang mag-aabot sa indibidwal na magsasakang inabot ng pinsala ang naiseguro ang pananim.

## **PARA SA KARAGDAGANG KAALAMAN TUNGKOL SA PROGRAMA AY SANGGUNIN ANG MGA SUMUSUNOD:**

MANUEL S. ACIERTO  
BRO-FAPO HEAD  
Provincial Healthcare Office  
CP# 0927-429-4950

DANILO B. TUMAMAO  
Provincial Agriculturist  
Provincial Agriculture Office  
CP# 0915-434-3297

ALL BRO PERSONNEL  
BRO-Farmer Assistance Program Office  
Tel/Fax#078-323-2598



PARA SA MGA KATANUNGAN,  
TUMAWAG O MAG-TEXT SA  
CP # 0917-809-3178



Republic of the Philippines  
PROVINCE OF ISABELA  
City of Ilagan



**Paneguro sa  
Pananim  
(BRO-PSP)**



## ANO ANG BRO-PANEGURO SA PANANIM?

Ang lalawigan ng Isabela ay palagiang nakararanas ng mga kalamidad katulad ng tagtuyot at mga bagyo. Ang mga ganitong pangyayari ay nagiging madalas kung saan ito ay sinasabing dulot at inuugnay o palatandaan ng “Global Warming”.

Sa panahon ng kalamidad, walang nakaaalam kung ano ang maaring mangyari. Kaya naglunsad ang Pamahalaang Panlalawigan ng BRO Paneguro Sa Pananim (BRO-PSP) sa pangunguna ng ating Governor Faustino “Bojie” Dy III at Vice Governor Tonypet T. Albano III. Ang programang ito ay isang “mitigating mechanism” para sa mga maliliit na magsasaka na may patubig. Isa rin itong paraan upang kahit paano ang ating mga maliliit na magsasaka ay makabawi ng kanilang lugi sa pagsasaka dulot ng kalamidad.

Ang programang BRO-PSP ay naisakatuparan sa pamamagitan ng isang Memorandum of Agreement o kasunduan sa pagitan ng Provincial Government of Isabela at Philippine Crop Insurance Corporation (PCIC).

## SINO ANG MAKIKINABANG SA BRO-PSP?

Ang mga Rice and Corn Farmers na may tanimang may lawak na 1/4 hanggang 1.0 ektarya na tinatamnan ng palay o mais ang “target o punto” ng programa Kinakailangan lamang na may sapat na suplay ng tubig kung ang bukid ay tinatamnan ng palay.

## MGA KATANGIAN NG LUPANG SAKA NA MAKAKASALI SA PROGRAMA

- Kailangang hindi bahagi ng riverbed, lakebed, latiang lupa at baybaying dagat.
- Kailangang ang sakahan ay may epektibong patubig at daluyan ng tubig. Sa mga sakahan na nasa Rainfed Areas, o sahod ulan ay maaaring makasama sa programa sa panahon ng Wet Season Planting at Subject to Cut-off date in Planting.
- Naaangkop para sa produksyon ng mataas na ani. Accessible to Transportation o mapupuntahan ng mga sasakyan para sa paghahakot at pagdadala ng ani.
- Ang lokasyon ng sakahan ay karaniwang tahimik.

## SINO ANG KIKILALA O TUTUKOY SA KUWALIPIKADONG MAGSASAKA NA MAKAKASALI SA BRO-PSP?

Ang opisina ng Municipal/City Agriculturist ang kikilala o tutukoy sa mga kuwalipikadong magsasaka sa kanilang dako o lugar sa pamamagitan ng isang General Masterlist na isinumite sa Opisina ng Provincial Agriculturist.

## ANU-ANO ANG MGA PARAAN SA PAGSALI O PAGLAHOK SA BRO-PSP?

- Sumangguni at humingi ng tulong sa Office of the City/Municipal Agriculturist sa inyong lugar.
- Tiyakin na nakatutugon kayo sa mga kuwalipikasyon ng mga maaring sumali sa programa.

- Hintayin at magpatala sa mga itinakdang araw ng “pag-apply” sa inyong dako o lugar.
- Ihanda ang lokasyon, guhit ng plano ng inyong bukid at ibigay sa araw ng pagpapatala o enrolment.
- Kasama din na ihanda ang mga aktibidad at pundo (Farm Plan & Budget) para maging mabilis ang pagpapatala.

## ANO ANG MGA PINSALANG SAKLAW NG BRO-PSP?

- Saklaw ng programang ito ang mga likas na kalamidad tulad ng bagyo, baha, tagtuyot, lindol at pagputok ng bulkan pati na ng mga salot o peste at sakit ng halaman.
- Ang mga peste sa pananim na sakop ng siguro o insurance ay ang sumusunod:

### SA PALAY

- Daga
- Locusts
- Armyworm
- Cutworm
- Stemborer
- Blackbugs
- Hopperburm

### SA MAIS

- Daga
- Locusts

